

Bisitahin ang aming website sa SCCVOTE.ORG



PAGBOTO HABANG NAKABILANGGO

Ang karamihang mga indibidwal na nakabilanggo sa Mga Kulungan ng County ay kwalipikado pa ring bumoto.

KATAYUAN NG PAGBABANTAY	MAAARI BA AKONG BUMOTO? (Tandaan: Upang makaboto, dapat ay 18 taong gulang ka na o mas matanda sa susunod na araw ng halalan, isa kang mamamayan ng U.S., residente ka ng California at wala kang kasalukuyang problema sa pag-iisip ayon sa isang hukuman.)
Kasalukuyang tumatapos ng hatol sa kulungan ng estado o pederal para sa isang napatunayang peloni	HINDI
Nasa parol ng Estado ng California	OO
Nasa probasyon (hindi pormal o pormal)	OO
Nasa pagbabantay ng komunidad pagkatapos ng paglaya (PRCS)	OO
Sumasailalim sa mandatoryong pagbabantay	OO
Kasalukuyang nakabilanggo sa kulungan ng county	<ul style="list-style-type: none"> • Dahil ang pagkakakulong ay kundisyon ng iyong probasyon: OO • Dahil nahatulan kang makulong (hindi bilang bahagi ng “split” na sentensiya): OO • Dahil sa sentensiya sa napatunayang peloni na may “split na sentensiya” na pinagsasama ang oras sa kulungan at sa probasyon sa Mandatoryong Pagbabantay: OO • Dahil sa napatunayang peloni ng Public Safety Realignment Act na may pagbabantay ng PRCS na susunod: OO • Dahil sa paglabag sa parol: OO • Dahil nahatulan at nasentensiyahan ka ng peloni at naghihintay na mailipat sa isang pederal na kulungan o kulungan ng estado: HINDI
(Mga) nakabinbing kaso ng peloni (nakasuhan ka, ngunit hind pa nahahatulan)	OO
Tinatapos ang isang sentensiya sa kulungan o nasa probasyon dahil sa hatol sa misdemenor.	OO

- **IBINIBIGAY NG PASILIDAD NG KULUNGAN KUNG SAAN KA NAKATALAGA ANG MGA MATERYAL SA HALALAN**
 1. Kumpletuhin ang isang card ng Aplikasyon sa Pagpaparehistro ng Botante. Maaari kang humiling ng card sa iyong tagapag-ugnay sa pagboto. Dapat kang magparehistro upang bumoto nang hindi bababa sa 15 araw bago ang Araw ng Halalan.
 2. Punan ang card ng Pagpaparehistro ng Botante at ang aplikasyon sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. **Isama ang iyong booking # sa bawat dokumento.** Ibalik ang dalawang dokumento sa iyong tagapag-ugnay sa pagboto, kanilang itinalaga o ibalik sa pamamagitan ng koreo ng U.S.
 3. Kapag natanggap mo ang iyong balota, markahan ang mga pinili mo, at ibalik sa tagapag-ugnay sa pagboto sa pasilidad o sa pamamagitan ng koreo ng U.S.
 4. Ang mga nakumpletong card ng pagpaparehistro ng botante, aplikasyon sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, at mga balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay ipapadala sa isang ligtas na paraan patungo sa at mula sa opisina ng Tagapagrehistro ng itinalagang tauhan o ng Postal Service ng U.S.
- **PINALAYA**
 - Muling magparehistro upang bumoto kapag nakalaya ka na.
 - Makakakuha ng mga form ng pagpaparehistro sa karamihan ng pampublikong aklatan at opisina ng pamahalaan o maaari kang magparehistro upang bumoto online sa registertovote.ca.gov.
 - Kung mapalaya ka bago mo matanggap ang iyong balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, maaari kang bumoto nang personal sa anumang Sentro ng Pagboto. Maaari ka ring tumawag sa aming opisina sa (408) 299-VOTE (8683) o bisitahin ang aming website sa sccvote.org upang humiling ng balota.